




## MGA KAALAMA: Ang BART Silicon Valley Phase II Extension Project ng VTA

### Pamamaraan sa Paggagawa ng Tunnel

Ang BART Silicon Valley Phase II Project ng VTA ay isang anim na milya at apat na istasyon na extension na makakapagdulot ng serbisyo ng tren ng BART mula sa Berryessa/North San José hanggang sa downtown San José sa Lungsod ng Santa Clara. Ang Phase II Project ay may kasamang humigit-kumulang na limang milyang tunnel, dalawang mid-tunnel ventilation na pasilidad, isang maintenance facility at storage yard, tatlong underground na istasyon (Alum Rock/28th Street, Downtown San José, Diridon), at isang ground-level na istasyon (Santa Clara). Ang subway tunnel ay nasa isang malaking diameter na tunnel.

### Single-Bore na Tunnel

Ang tunnel ay itatayo bilang isahan at may malaking diyametro ng tunnel. Ang humigit-kulang na 45 foot tunnel ay maglalaman ng dalawang independiyenteng mga trackway, isa para sa bawat direksyon ng biyahe. Ang mga platform para sa pasahero ay matatagpuan sa loob ng tunnel, nakakonekta sa mga pasukan ng istasyon sa pamamagitan ng mga underground na daanan (passageway). Depende sa istasyon, ang mga platform ay humigit kumulang sa 66 at 85 feet sa ibaba ng lupa.



Sa loob ng tunnel, may mga pang-emerhensyang labasan punto sa pagitan ng bawat 300 hanggang 600 feet na magpapahintulot sa mga pasahero na maabot ang mga di naapektuhang area kung may naganap na emergency. Ang tunnel ay huhukayin gamit ang isang Tunnel Boring Machine (TBM) na may average na lalim na 60 feet. Sa mga istasyon, may mga pamamaraan ng pagtrabaho na tinatawag na soft ground mining ang gagamitin para hukayin ang mga underground na koneksyon sa pagitan ng tunnel (na kinalalagyan ng mga sakayan na platform) at wala sa kalyeng mga istasyon.

### Paano Gumagana ang isang Tunnel Boring Machine (TBM)?

Ang tunnel boring machine (TBM) ay isang malaking drill na humuhukay at nagkakabit ng paunang lining sa tunnel na nagbibigay suporta sa tunnel, na kinakailangan para makabiyahe nang underground ang tren. Ang unang parte ng TBM (ang cutter head, na makikita sa litrato sa ibaba sa kaliwa), ay magdidikdik, magdudurog, at mag-aalis ng dumi o lupa.

- Sa loob ng nagawang malaking butas, ikakabit ang mga pauna nang nahubog na kongkreto para makabuo ng mga ring na magbibigay suporta sa tunnel. Ang mga paunang nahubog na ring ay isasara para maiwasang makalusot o makapasok ang tubig at putik sa tunnel.
- Aalisin ang mga lupa gamitin ang mga launch portals at hahatakin paalis o muling gagamitin para sa proyekto.
- Ang TBM ay mapapagana gamit ang isang pansamantalang de kuryenteng substation na ipapasok at ilalabas sa tunnel gamit ang alinman sa mga portal.
- Sa sandaling nakumpleto na ng TBM ang paghuhukay sa tunnel, ang track at mga pasilidad ay ikakabit na. Ang tiyak na uri ng makinarya at dadaanan ng biyahe ay mapagpapasyahan sa pagsulong ng proyekto.



Istanbul Straight Road Project




Ipinagpatuloy sa likod nitong pahina



## Paano maaapektuhan ang komunidad habang isinasagawa ang konstruksyon?

Ang pamamaraan gamit ng single-bore tunneling ay magbabawas sa mga epekto ng konstruksyon kung ikukumpara sa mga tradisyonal na pamamaraan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng karamihang mga paghuhukay nang hindi naggagambala sa kalye. Gayunman, ang isang pangunahing proyekto ng konstruksyon tulad ng Phase II Project ay magkakaroon ng mga epekto sa komunidad. Halimbawa, habang isinasagawa ang konstruksyon, kasama ang paglilipat ng lokasyon ng utility, may mga pagsasara ng daanan ng naglalakad (sidewalk) at pati na rin mga limitadong epekto sa mga pasukan ng istasyon, mga portal at istruktura ng bentilasyon. Ang VTA ay patuloy na makikipagtulungan sa mga lungsod ng San José at Santa Clara, sa mga contractor ng konstruksyon, sa publiko, at mga lokal na residente at mga negosyo para mapakaunti ang mga epekto hangga't maaari. Ang pangunahing konstruksyon ng proyekto ay inaasahang magsisimula sa 2020.



## Contact Us

(408) 321-7575 English



(408) 321-2300

Español    粵/華語  
 Tagalog    Tiếng Việt  
 Português    한국어

(408) 321-2330 TTY



[www.vta.org/bart](http://www.vta.org/bart)



[facebook.com/bartsv](https://facebook.com/bartsv)



[vtabart@vta.org](mailto:vtabart@vta.org)



[twitter.com/bartsv](https://twitter.com/bartsv)